

KABISAAN NG “WIKA AT KULTURA SA REELS” SA PAGKATUTO NG KULTURANG POPULAR NG MGA IKATLONG-TAONG MAG-AARAL NA MEDYOR SA FILIPINO

ABSTRACT

AUTHORS

Ricky Alvarina
Joan Fajardo
Joshua Jawel
Shane Luceño
Joel Roberto Luci

RESEARCH ADVISER

Ireneo M. Biojela, MAEd

AFFILIATION

Bestlink College of the
Philippines

DISCIPLINE

Education

KEYWORDS

*wika at kultura sa reels,
kulturang popular,
interaktibong bidyo,
teknolohiyang panturo,
filipino, edukasyong pangwika*

ARTICLE ID

AASGBCPJMRA-AB18090

Kasabay ng patuloy na pag-unlad ng teknolohiya, ginagamit ang reels bilang estratehiya sa pagkatuto at kagamitang panturo. Nagbibigay ang maiikling bidyo ng pagkakataong matuto ang mga mag-aaral sa iba't ibang lugar at oras. Sinuri sa pag-aaral na ito ang “Wika at Kultura sa Reels” bilang estratehiya sa pagtuturo ng kulturang popular sa mga ikatlong-taong mag-aaral na medyor sa Filipino. Ang pag-aaral ay sumaklaw sa limampung (50) ikatlong-taong mag-aaral ng Batsilyer sa Sekundaryang Edukasyon na nagpapakadalubhasa sa Filipino. Gumamit ang mga mananaliksik ng eksperimentong pamamaraan at purposive sampling. Talatanungan, pre-test, at post-test ang ginamit upang makalap ang datos at masuri ang pananaw at pagkatuto ng mga respondente. Ipinakita ng mga resulta na ang Educational Reels ay may potensyal bilang interaktibong estratehiya sa pagtuturo. Iniulat ng mga mananaliksik na nakatulong ang reels sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa wika at kultura at sa pagsuporta sa paraan ng pagtuturo at pagkatuto. Gayunman, walang ibinigay na pre-test at post-test scores o estadistikal na pagsusuri upang masukat ang laki o kabuluhan ng pagbabago. Ipinahihiwatig ng pag-aaral na maaaring maging madaling ma-access na pantulong na kagamitan ang Educational Reels. Sa loob ng labinlima hanggang tatlungupung segundo, makapagbibigay ang maiikling bidyo ng tiyak at madaling tandaan na impormasyon. Kailangan pa ng mas malinaw na ebidensiya upang matukoy ang bisa nito sa pagkatuto kumpara sa ibang estratehiya.

RECOMMENDED CITATION

Alvarina, R., Fajardo, J., Jawel, J., Luceño, S., & Luci, J. R. (2026). Kabisaan ng “Wika at Kultura sa Reels” sa Pagkatuto ng Kulturang Popular ng mga Ikatlong-Taong Mag-aaral na Medyor sa Filipino. *Ascendens Asia Singapore – Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research Abstracts*, 8(6), 27.